

MINERS

Rubies

Ikatlong Aklat

Pag-aari ni: _____
Pangalan ng Minero

Mga Minero

Alam ba ninyo mga bata na mabuti ang ginagawa ninyo? Kayo ay nagsisikap at patuloy na naghuhukay sa mahalagang bahagi ng Salita ng Dios, at inyong nalalaman ang mga kayamanan ninyo sa Panginoong Jesu-Cristo. Kapag patuloy kayong naghuhukay sa Salita ng Dios ay mas marami pa kayong malalaman sa ating kamangha-manghang Tagapagligtas. Ganito ang sinabi ni Apostol Pablo sa Filipos 3:10 - "Upang makilala ko Siya, at ang kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli...". Oo, ganoon nga iyon. Ang persona, ang Panginoong Jesu-Cristo, at ang patuloy na makilala pa Siya.

Si Bob at si Betty ay muling maglalakbay sa panibagong aklat na ito na "Rubies". Sila ay magkakaroon ng pagkakataon na tulungan ang kanilang tiyahin na maunawaan ang

"tamang paghahati ng salita ng katotohanan." Ako ay nagagalak na si Bob at si Betty ay napag-aralan at naunawaan ang mga talatang ito upang sila ay lumago sa Panginoon at matulungan din ang iba na malaman ang mga bagay na kanilang natutunan.

Maghanda kayo para sa kapana-panabik na aklat na ito - ang "Rubies".

Pastor Buck

Ang ginamit kong mga talata sa mga aralin sa booklet na ito ay ang kopya ng Biblia mula sa Authorized King James Version. Ang mga sagot sa mga katanungan ay mula mismo sa mga talata. Ang paggamit ng ibang salin ay hindi makakatulong para sagutan ang mga katanungan, sapagkat iba ang mga salitang nakalagay. Kaya kinakailangan na mayroon kang kopya ng Authorized King James Version bago mo simulan ang aklat na ito ng Mga Miner.

Para sa karagdagang impormasyon, ay maari kayong makipag-ugnayan sa:

Gary at Lynda Miller

2822 Briarwood Drive E., Arlington Heights, IL 60005, U.S.A.

Phone: [847-640-8422](tel:847-640-8422)

www. grace-harbor-church.org

Karapatan ng Pagpapalimbag 2002

Isinalin sa Tagalog ni **Bro. Edgar V. Villaflores** at sinuri/isinaayos ni **Pastor Val B. Tanierla** ng **Labo, Camarines Norte, Philippines**.

ANG

PAGLALAKBAY

NI

BOB AT BETTY

Ang Pamana

(Note: Insert and paste a picture here from the Miner's book)

Ang Paglalakbay ni Bob at Betty Ang Pamana

Nakalagay sa natanggap nilang post card, "Darating sa Union Station, 3:10 ng hapon, may malaking balita, sasabihin ko sa inyo pagdating ko dyan." Ang kambal ay kinakabahan habang hinihintay nila sa istasyon ng tren ang ika-3:10 ng hapon. Ang kanilang tiyahin na si Matilda ay matagal ng bumisita sa kanila at hindi na sila makapaghintay na makita sya.

Kapag bumibisita ang kanilang Tiya Matilda ay laging may magandang nangyayari. Mahal ni Bob at ni Betty ang kanilang tiya, bagamat siya ay medyo kakaiba. Una sa lahat, ay may maliit at luntiang sumbrero na may balahibo na lagi niyang isinusuot. Sa palagay nila ay nakakamukha na niya si Robin Hood kapag suot niya ito at napapangiti sila kapag kanilang nakikita ito. Hindi sila sigurado kung ilang taon na siya at ang sabi ng kanilang Tiya Matilda ay hindi na niya matandaan ito. Ang isang bagay na nagustuhan ng kambal sa kanya ay ang kanyang kagustuhan na laging maglakbay. Katulad ng huli niyang pagbisita ay kaniyang isinama ang kambal sa paggamit ng bangka - canoeing. Hindi nila makakalimutan ng mahulog ito sa bangka at ayaw lumangoy papunta sa tabi. Ang kaniyang luntiang sumbrero na may balahibo ay lumutang sa tubig paibaba sa sapa at sinikap niyang sundan upang mahabol ito. Nang maabutan nila ang kanilang Tiya Matilda ay nakaupo na ito sa isang bato at nakalagay na ang luntiang sumbrero sa kaniyang ulo. Matindi ang naging pagtawa ng kambal dahil sa nangyari at muntik na silang mahulog sa bangka.

"Sa palagay mo ay ano ang malaking balita sa atin?" ang tanong ni Bob kay Betty.

"Kay Tiya Matilda ay maaaring kahit na ano pa ito," ang sagot ni Betty.

Ang kambal ay sabik na kumaway nang kanilang makita ang isang maliit na babae na bumababa sa tren. Ang kaniyang luntiang sumbrero na may balahibo ay kanilang agad na naalala.

"Tiya Matilda, nandito po kami," ang sigaw ni Betty. Napalingon ang kanilang Tiya Matilda ng kaniyang makita ang kambal. Mayroon silang espesyal na bahagi sa kaniyang puso.

"Wow, tingnan mo ang dalawang ito!" ang nasambit ni Tiya Matilda. "Kumakain ba ulit kayo ng mahiwagang munggo? Malaki ang itinangkad ninyo kumpara noong huli ko kayong makita!"

(Note: Insert and paste a picture here from the Miner's book, page 2)

Kaagad na kinausap ng kambal ang kanilang Tiya Matilda kung ano ang "malaking balita." "Kapag nakausap ko na ang inyong mga magulang ay kaagad kung

sasabihin sa inyo ito." Sa kanilang tahanan ay naghanda ang nanay nila ng paboritong pagkain ng kanilang Tiya Matilda, ito ay ang supper-roast beef, mashed potatoes at gravy, green beans at apple pie. Habang sila ay kumakain ng hapunan ay kanilang pinag-usapan ang lahat ng mga bagay na nangyari simula ng siya ay huling bumisita.

Pagkatapos ng hapunan ay inihatid sila ng kanilang tatay sa kapilya nila Pastor Buck para sa kanilang Miners club meeting, at ang kanilang mga magulang at si Tiya Matilda ay may pagkakataon na upang pag-usapan ang tungkol sa "malaking balita".

"Bago mo sabihin sa amin ang 'malaking balita' ay mayroon din kaming gustong ibalita sa iyo," ang sabi ng kanilang tatay kay Tiya Matilda. Ikinuwento ng kanilang mga magulang kay Tiya Matilda ang tungkol sa nawalang mahahalagang bato at kung paano ito natagpuan ni Pastor Buck. Nagustuhan ni Tiya Matilda ang kanilang kwento. "Ngunit hindi lang iyon ang magandang pangyayari," ang sabi ng kanilang tatay. "Ipinakita sa amin ni Pastor Buck ang ilang mga talata sa Biblia kung paanong sinasabi na ang lahat ng tao ay mga makasalanan at nararapat na parusahan ng Dios. At ipinakita niya sa amin kung paanong ang Anak ng Dios, ang Panginoong Jesu-Cristo, ay inako Niya ang ating mga kasalanan at nabuhos ang Kaniyang dugo doon sa krus upang bayaran ang lahat nating mga kasalanan. Ang hustisya ng Dios ay nasapatan ng kabayaran ng Kanyang Anak para sa ating mga kasalanan, kung kaya't si Cristo ay nabuhay muli sa mga patay at nagbibigay ng buhay na walang hanggan sa sinumang magtitiwala sa Kanya. Lahat kami ay gumawa ng desisyon na sumampalataya kay Cristo ng gabing iyon. Mayroon na kaming bagong buhay kay Cristo na tumatahan sa amin at kami ay tumatayo na matuwid sa harapan ng Dios. Ang lahat naming mga kasalanan ay pinatawad na at ang langit ang tunay naming tahanan."

"Wow," ang sabi ni Tiya Matilda. "Kahanga-hanga ang inyong kwento! Naaalala ko noong maliit pa ako na gumawa ng desisyon na magtiwala kay Cristo bilang aking Tagapagligtas. Mahal ko ang Salita ng Dios at nagbabasa ako ng ilang bahagi nito araw-araw."

"Narinig mo na ba ang tungkol sa tamang paghahati ng Biblia?" ang tanong ng kanilang tatay.

"Hindi pa, ano yon?" ang tanong ni Tiya Matilda.

"Ito ay ang pag-unawa ng Biblia sa paraan ng Dios. Ang pagbabahagi ng Biblia ayon sa ibat-ibang dispensasyon na ipinapatupad ng Dios sa mga kapanahunan. Ang Biblia ay para sa atin, ngunit hindi lahat ng nakalagay dito ay para sa atin. Ang tagapagsalita ng Dios para sa atin ay si Apostol Pablo at sa kaniyang mga sulat/aklat ay matatagpuan natin ang mensahe ng Dios para sa atin," ang tugon ng kanilang tatay.

(Note: Insert and paste a picture here from the Miner's book, page 4)

Mahal kong Matilda:

Pumunta ka sa England
para sa pagbasa ng huling
habilin ni Lady Wentworth.

"May ilang taon na akong nagbabasa ng Biblia at sa pagbabasa ko nito ay hinahayaan ko ang Dios na mangusap sa akin anuman ang binabasa ko," ang sabi ni Tiya Matilda.

"Medyo mapanganib ang ginagawa mo. Ang sabi ng Dios ay dapat nating tularan at sumunod kay Apostol Pablo," ang tugon ng kanilang tatay.

"Oo, pero ang mga iyon ay bahagi ng Salita ng Dios; huwag tayong maging mapili, sina Pablo, Pedro, Juan at Moises - ay mga mensahero ng Dios. Maaari tayong makinig sa kanilang lahat. Ang lahat ng panuntunan ng Dios ay para sa ating lahat. Huwag nating limitahan ang mga panuntunan ng Dios sa mga sulat lamang ni Pablo," ang sabi ni Tiya Matilda.

"Tiya Matilda, hindi naman tayo, kundi ang Dios ang nagsabi sa atin kung papaano natin pag-aaralan ang Kaniyang Salita," ang tugon ng kanilang tatay.

"Kung sabagay, lahat naman tayo ay pupunta sa langit at iyon ang mahalaga. Ngayon pag-usapan naman natin ang malaking balita," ang sabi ni Tiya Matilda.

Sabik na sabik na si Tiya Matilda, at hindi niya halos masabi kung ano ang balitang iyon. May natanggap siyang liham mula sa tagapagpatupad ng huling habilin ni Lady Susan Wentworth. Si Lady Wentworth ay matalik na kaibigan ni Tiya Matilda. Magkasabay silang lumaki at naging mabuting magkaibigan simula pa noong sila ay limang taong gulang. Silang dalawa, kasama si Eunice, na isa nilang kapitbahay, ay naging magkakaibigan na higit pa bilang magkakapatid. Si Susan ang unang umalis sa kanilang grupo. Nang siya ay labingwalong-taong gulang ay nakatagpo niya ang isang lalaki, na ang pangalan ay Lord Charles Wentworth. Sila ay naging magkasintahan at sinagot niya (Susan) ito ng "Oo" nang tanungin siya kung gusto niyang magpakasal sa kanya. Sila ay tumira sa England, kaya si Susan ay iniwan ang kanilang tirahan at mga kaibigan, at namuhay sa ibayong dagat. Sila ay patuloy na nagbabalitaan sa pagdaan ng panahon, ngunit walang ideya si Tiya Matilda na si Lady Wentworth ay nagkasakit at namatay. Ang liham na kanyang natanggap tungkol sa huling habilin ay nakakabigla. Mga ilang taon na ang nakaraan ay naunang namatay si Lord Wentworth, at si Lady Wentworth ay may ilang natirang ari-arian na gusto niyang ibigay para kay Tiya Matilda at Eunice.

Ngayon para sa nakaka-panabik na bahagi. Dahil si Tiya Matilda ay pupunta sa England, umaasa siya na pwede niyang isama sina Bob at Betty papunta doon. Sinabi niya na minsan lang ito mangyayari at gusto niya itong ibahagi sa kambal.

(Note: Insert and paste a picture here from the Miner's book, page 6)

Hindi malaman ng kanilang mga magulang kung ano ang kanilang sasabihin. Ang kaisipan na pupunta sa England ang kanilang kambal at si Tiya Matilda ay nakakabahala. Alam naman nila na si Tiya Matilda ay isang responsableng tao at aalagaan niya ang mga bata, ngunit maaaring malagay sila sa kakaibang sitwasyon.

Pagkatapos ng ilan pang pagkumbinse ni Tiya Matilda ay pumayag na rin ang kanilang mga magulang. Kapag dumating ang kambal sa kanilang bahay, ay tatanungin nila ito kung gustong sumama kay Tiya Matilda.

Si Bob at si Betty ay hindi makapaniwala sa kanilang narinig. Hindi pa sila nakakasakay sa eroplano! Ang pagpunta sa England kasama si Tiya Matilda, ay nakasasabik na pangyayari!

Ang paliparan ay isang lugar na maraming kaabalahan - ang pagpasok ng kanilang mga bagahe, ang pagpapakita ng kanilang travel ticket, ang paghahanap sa boarding gate, at paghihintay sa pag-alis ng kanilang eroplano. Hinalikan ng kambal ang kanilang mga magulang bilang pagpapaalam at ang pangakong aalagaan nila ang kanilang Tiya Matilda.

Natagpuan nila ang kanilang mga upuan, ikinabit ang seat belt at pinakinggan ang paalala tungkol sa kanilang paglipad. Gusto nilang matandaan ang bawat detalye! Tumunog na ang makina ng eroplano at ito ay pumunta na sa runway. Sa loob ng ilang segundo, ang eroplano ay tumatakbo na sa runway, pabilis ng pabilis. Tumaas na ang unahan ng eroplano at sila ay nasa himpapawid na. Patuloy na tumaas ng tumaas ang eroplano sa mga ulap. Si Bob at si Betty ay nakikita ang mga ulap na dumadaan sa may bintana nila.

"Papaano niya nakikita kung saan sya pupunta?" ang tanong ni Bob.

"Ah, huwag kang mag-alala," ang sabi ni Tiya Matilda. "Pinatatakbo nila ang mga eroplanong katulad nito sa pamamagitan ng mga instrumento. Ang mga instrumento ang nagsasabi sa piloto kung nasaan sila at kung saan sila papunta." May ilang saglit pa ay lumabas ang kalangitan at matindi ang sikat ng araw. Ang stewardess ay dumating sa may tabi nila at may dalang mga pagkain. Ang kambal ay kumuha ng ilang matamis na kendi at si Tiya Matilda ay kumuha naman ng mansanas. Nalimutan na ni Bob at ni Betty na sila ay nasa eroplano at inilabas nila ang ilang laruan.

Ang eroplano ay nagsimula ng bumaba at ang paalala na "fasten your seatbelt" ay kanilang nakita. Narinig nila ang boses ng piloto at sinabi na bababa na sila sa loob ng sampung minuto. Naramdaman ni Bob at ni Betty ang pagbaba ng eroplano at ang pagtunog pababa ng landing gear. Nakita na nila ang tanawin sa ibaba. Ang gulong ng malaking eroplano ay bumaba na sa runway.

(Note: Insert and paste a picture here from the Miner's book, page 8)

Akala ng kambal ay hindi titigil ang eroplano ngunit ang malakas na preno ay agad na nagpahina sa takbo ng eroplano hanggang sa huminto na ito. Ang tatlong manlalakbay ay sabik ng bumaba ng eroplano para sa pagpapatuloy ng kanilang byahe.

Tumawag ng taxi si Tiya Matilda at ibinigay niya sa drayber ang address ng tirahan ni Lady Wentworth. Habang sila ay naglalakbay ay nakikita nila ang linya ng mga kahoy sa kalsada, at silang tatlo ay namamangha sa magagandang tanawin na may mga kabayo sa likod ng mga bakod.

"Hindi ko alam kung ganito rin ang lupang pag-aari ni Lady Wentworth," ang sabi ni Betty.

"Siguro ay ganito rin yon," ang sabi ni Tiya Matilda. "Mayaman sila."

Pagkatapos ng isang oras na paglalakbay, ay lumiko na sila mula sa pangunahing kalsada. Pumasok sila sa isang makipot na daanan hanggang dumating sila sa isang gate. Ang drayber ay bumaba at pinindot ang isang button at sinabing dumating na si Tiya Matilda. Biglang bumukas ang gate at pumasok na sila. Walang sinuman sa kanila ang nakahanda sa sumunod nilang nakita. Nasa harapan nila ang isang kastilyo na sa libro pa lang nila nakita. "Hindi natin alam na ganito," ang sabi ni Tiya Matilda.

"Si Lady Susan ay siguradong namuhay na parang isang reyna," ang sabi ni Betty.

"Hindi na ako makapaghintay para maikot ang lugar na ito," ang nasambit ni Bob.

Ibinaba na nila ang kanilang mga bagahe at lumapit sa isang malaking pintuan. Pinindot ni Tiya Matilda ang isang button sa may gintong tarangkahan at sinabi ang kaniyang pangalan. Bumukas ang pinto at binati sila ng isang mataas na tao na may suot na itim na damit. "Nagagalak kami na dumating kayo. Si Eunice ay nauna ng dumating at nagpapahinga sa kanyang kuwarto. Ipapakita ko sa inyo ang inyong mga silid at ang hapunan ay ihahanda na bago mag-ikawalo ng gabi."

Hindi nila malaman kung ano ang kanilang unang titingnan - ang magagandang painting, ang kristal na chandeliers, ang mga gintong istatwa at fountain. Kahanga-hanga ang mga ito. Ang tagapaglingkod ay sinamahan sila na umakyat sa paikot na hagdanan. Si Bob at si Betty ay may kanya-kanyang silid. Ang silid ni Bob ay tinatawag na "Thoroughbred Room". Ang mga dingding nito ay punong-puno ng mga painting ng mga kilalang pangarerang kabayo. Ang mga istatwa ng mga kabayo ay matatagpuan sa ibat-ibang lugar. Maging ang kama ay hugis na saddle. "Wow, sa palagay ko ay magugustuhan ko rito," ang kaniyang nabanggit.

(Note: Insert and paste a picture here from the Miner's book, page 10)

Sa ibang bahagi naman ay ang silid ni Betty, ang tinatawag na "Tea Room". Sa loob ay matatagpuan ang mga magagandang tea set na nakalagay sa dresser at sa mesa na parang ibig sabihin na anumang oras ay may dadating na bisita para sa isang tea party. "Oh, napakaganda nito!", ang sigaw ni Betty.

Si Tiya Matilda ang huling dinala sa kanyang silid, ito ay ang tinatawag na "Rose Garden". Ang mga rosas na bulaklak ay nasa bawat sulok nito. Ito ang pinakamagandang silid na nakita ni Tiya Matilda.

Pagdating ng ika-walo ng gabi ang lahat ay pumunta na sa dining room. Si Tiya Matilda at si Eunice ay masaya na nagkitang muli. Niyakap nila at hinalikan ang isat-isa ng paulit-ulit. Ang tingin ni Tiya Matilda ay tumaba ng konti si Eunice at si Eunice naman ay iniisip na tumanda naman ng konti si Tiya Matilda, ngunit ang bawat isa ay hindi na lang nagsalita tungkol doon.

Ang tagapagpatupad ni Lady Wentworth ay sumalo sa kanilang hapunan at ipina-alam sa kanila na babasahin niya bukas ng ika-siyam ng umaga ang huling habilin ni Lady Wentworth.

Nang gabing iyon, ang lahat ay hindi gaanong nakatulog ng maayos. Nasasabik sila kung ano ang sasabihin at mangyayari. Nang sumunod na umaga, ang lahat ay maagang dumating sa drawing room, kinakabahan sila habang hinihintay ang pagdating ng tagapagpatupad.

Si Tiya Matilda ay medyo nako-konsyensya dahil parang mas excited pa siya tungkol sa huling habilin sa halip na maging malungkot sa pagpanaw ng kanilang kaibigan. Subalit inalala na lang niya ang mga magagandang pangyayari na kanilang pinagsamahan at nagpasaya sa kanya.

Eksaktong ika-siyam ng umaga ay dumating ang tagapagpatupad. Sinabi niya na umupo ang lahat at nagpatuloy sa pagbubukas ng kaniyang briefcase. May inilabas siyang sulat at nagpasimulang basahin iyon:

Mahal kong Tilly at Eunice:

Kayong dalawa ang mahalaga sa aking buhay. Sa aking pagtanda, ako'y nasisiyahan kapag aking naaalala ang ating mga pinagsamahan. Ito pa ang isa at huling paglalakbay para sa inyo. Liwan ko sa bawat isa sa inyo ang bahagi ng aking ari-arian. Para madiskubre ninyo ang mga ito, ang bawat isa ay makakatanggap ng mga clue na magtuturo sa inyo sa aking ipinamana. Siguraduhin ninyo na sumunod sa mga paalala sa inyo at huwag itong paghaluin. Mahal ko kayong dalawa. Magsaya kayo at sundin ang inyong tamang direksyon.

Nagmamahal, Sue."

(Note: Insert and paste a picture here from the Miner's book, page 12)

Ibinigay ng tagapagpatupad kina Tiya Matilda at Eunice ang kanilang unang clue, na magtuturo sa kanila ng pangalawang clue; limang clue ang lahat ng ito. Kapag nakuha na nila ang panglimang clue ay dadalhin sila nito sa kanilang mana. Mayroon lang silang ilang oras hanggang gabi para matagpuan ang kanilang kayamanan.

Si Tiya Matilda at si Eunice ay tiningnan ang kanilang unang clue. Sa loob lang ng ilang segundo ay agad na tumayo sa upuan si Eunice at papunta na sa pintuan. Samantalang si Tiya Matilda ay binasa at muling binasa ang kanyang clue. "On this we sit as off we go, when you stop just say whoa." Si Tiya Matilda ay ibinigay ang clue sa kambal.

"Alam ko ito," ang sabi ni Betty. "Maaaring ito ang kulungan kung saan matatagpuan ang mga kabayo."

"Tama yan," ang sabi ni Tiya Matilda. "Pumunta na tayo." Ang tatlo ay nag-unahan papunta sa kulungan at nagsimulang hanapin ang pangalawang clue. Matapos nilang hanapin sa ibat-ibang lugar, ay hindi pa rin nila matagpuan ang clue.

"Tingnan ko nga ulit yan," ang sabi ni Bob. "On this we sit." "Saan ka ba umuupo kapag sumasakay ng kabayo?"

"Sa saddle," ang sagot ni Betty. "At tiningnan na natin ang lahat ng mga saddle."

Ito ang naisip ni Bob; ang kanyang kama ay may hugis ng isang saddle. Tumakbo sila sa kanyang silid at naroon nga sa isang bahagi ng kanyang kama ang pangalawang clue.

"Medyo natagalan tayo doon sa isang iyon ah," ang sabi ni Tiya Matilda. Samantala dumaan naman si Eunice sa may pintuan nila at masayang sumisigaw. "Sa tingin ko ay mauuna na sya sa atin," ang sabi ni Tiya Matilda. "Maaaring ang mga clue niya ay mas madali kaysa sa akin. Sa tingin ko ay inilagay ni Lady Susan ang aming mga kayamanan sa iisang lugar at maaring mauna na doon si Eunice." Si Tiya Matilda ay nagsimulang mag-isip, "Mabuti pa ay sundan na lang natin si Eunice."

"Huwag po," ang paiyak na sabi ng kambal. "Alalahanin ninyo ang sinabi ni Lady Susan, 'Sundan ninyo ang inyong direksyon!'" Ngunit ayaw makinig ni Tiya Matilda. Umalis na siya upang sundan si Eunice.

Si Bob at si Betty ay nagkatinginan sa isat-isa. "Magpatuloy tayo at sundin ang ating direksyon," ang sabi ni Bob. "Tingnan ko nga ang pangalawang clue." "Washing plates and pots and pans, I protect your tender hands."

(Note: Insert and paste a picture here from the Miner's book, page 14)

"Maaaring ito ay sa kitchen," ang sabi ni Betty. Ang dalawa ay bumaba ng hagdanan at pumunta sa malaking kitchen. "Saan tayo magsisimula?" ang tanong ni

Betty.

"Hindi ba naghuhugas tayo ng mga plato, baso at kaldero sa sink; maaaring naroroon," ang sagot ni Bob. Ang kambal ay tiningnan ang bawat bahagi ng sink.

Muling binasa ni Betty ang clue, "Pinoprotektahan ko ang inyong mga kamay." Sa kanyang harapan ay nakasabit ang pares ng isang dilaw na rubber gloves. Ibinaba niya ito at isinuot sa isang kamay ang gloves - pero wala pa rin. Kinuha niya ang isa pa at naroon sa loob nito ang clue.

Habang pinag-aaralan ng kambal ang pangatlong clue, may nakita sila sa labas ng bintana. Ang Tiya Matilda nila ay nasa tagiliran ng bahay at pinagmamasdan si Eunice.

Ito ang sinasabi sa pangatlong clue, "Press this button, announce your name, and please proceed down the lane." "Naaalala mo ba ang gate?" ang sabi ni Bob.

"Oo, ang drayber ay pinindot ang button at nagsalita na dumating na tayo at kaagad na bumukas ang gate," ang sabi ni Betty. "Medyo malayo iyon kung ating lalakaran; maaaring may makita tayong bisikleta sa garahe."

Ang dalawa ay pumunta sa garahe, ngunit wala silang nakitang bisikleta. Sa isang sulok ay may nakita si Bob na isang golf cart. "Dati ay nakapagmaneho na ako nito kasama si tatay," ang sabi niya. "Sumakay ka na." Sa ilang saglit pa ay papunta na ang dalawa papunta sa kanilang dating dinaan.

Nang kanilang marating ang gate, ay agad silang lumukso. May mga nakalagay at nakahilerang bakal. May mga bloke ng tisang may sampung talampakan ang taas at may ulo ng leon na nasa ibabaw noon. Kaagad na umakyat ang kambal sa mataas na pader at tiningnan ang bawat bahagi nito. Wala pa ring clue. Napansin nila na medyo mababa na ang araw at alam nila na dapat na nilang mahanap ang ika-apat na clue. Tiningnang mabuti ni Betty ang voice box, napansin niya sa isang sulok ang isang maliit na papel. Maingat niyang kinuha ito at naroon ang pang-apat na clue. "Magmadali ka," ang sabi ni Bob. "Baka mahuli na tayo."

Magkasabay na binasa ng dalawa ang clue, "It's in the ground and drear, down you go to get in here." "Sa cellar, doon tayo pumunta! Nauubos na ang ating panahon!" ang sigaw ni Betty.

Ang dalawang bata ay naghanap sa buong kastilyo at sa likuran ng mga halaman ay nakita nila ang pintuan ng cellar. Hinila nila at itinulak ang pintuan hanggang sa ito ay mabuksan.

(Note: Insert and paste a picture here from the Miner's book, page 16)

Maingat na bumaba ang kambal sa loob nito. Masansang ang amoy, madilim at

malamig sa silid. "Maghanap ka ng ilaw," ang sabi ni Bob.

Habang nangangapa sila sa dilim at nakahawak sa dingding ay kumapit ang mga sapot ng gagamba sa kanilang mga kamay. "Kadiri!" ang sigaw ni Betty. May nakapang switch ang kamay ni Bob, pinindot niya ito at kaagad na napuno ng liwanag ang silid. Habang naghahanap ang kambal sa mga kalat/basura ay may nakita siyang isang timba. Pinuntahan niya ito at tiningnan ang laman. Sa ilalim nito ay nakalagay ang panglimang clue.

"Ang ating panghuling clue; pero medyo madilim na," ang sabi ni Betty. "In this room books are lined, the one you want, words define." Alam ng kambal na ang tinutukoy dito ay ang library. "Madali, huwag na nating sayangin ang oras!" ang sigaw ni Betty. Natagpuan ni Bob at ni Betty ang library.

Humihingal pa sila nang basahin nila ulit ang clue. "Sa silid na ito ay nakalagay ang mga aklat, ang isang aklat na gusto mo ay ipinapaliwanag ang mga salita." "Anong aklat ang ipinapaliwanag ang mga salita?" ang tanong ni Bob.

"Ang diksyunaryo," ang sagot ni Betty. "Oo, yon nga!" ang sabi naman ni Bob. Tiningnan ng kambal ang mga nakalagay na aklat at nakita nila, ang isang malaki at luntiang Noah Webster's 1828 dictionary. Dahan-dahan nilang kinuha ito at inilagay sa mesa. Nanginginig pa ang kamay ni Bob habang marahan niyang binubuksan ang pabalat nito. Nagulat sila, ang aklat ay hindi lang isang aklat. Sa ilalim ng pabalat nito ay may nakatagong lalagyan. Binuksan ni Betty ang lalagyan at nakita nila ang isang magandang necklace na may mga diamond at rubies. Ang kambal ay hindi halos makahinga habang tinitingnan nila ang nagniningning na mga mahahalagang bato. "Ito ang pamana kay Tiya Matilda," ang sabi ni Bob.

"Magmadali ka, kinakailangang makarating tayo doon sa drawing room bago dumilim," ang sigaw ni Betty.

Ang huling clue ni Eunice ay nagdala rin sa kanya sa drawing room. Habang dahan-dahan niyang inaalas ang larawan sa dingding ay natagpuan niya ang isang safety box. Ang kanyang clue ay naglalaman ng tamang combination, at maingat niyang pinindot ang mga numero. Tumunog ito at bumukas ang safety box. Napanganga si Eunice ng kanyang kunin ang isang diamond at emerald necklace. "Maaaring milyon ang halaga nito!" ang paiyak niyang sigaw.

Patakpong pumasok si Tiya Matilda sa silid. "O, natagpuan mo na pala ang ating mana!" ang kanyang sigaw.

(Note: Insert and paste a picture here from the Miner's book, page 18)

"Oh Tilly," ang sabi ni Eunice, "Ano ang ibig mong sabihin, 'ang ating mana?' Ang kwintas na ito ay sa akin. Si Susan ay naglagay ng maliit na liham sa safety box at ipinapaliwanag na alam niya na gusto ko ang emerald kaya ibinigay niya sa akin ang

kwintas na ito."

"Maaaring ang aking mana ay nasa safety box din," ang tugon ng naiiyak na si Tiya Matilda.

"Hindi, wala ng ibang laman ang safety box," ang sabi ni Eunice. "Tanging ang kayamanan ko lang ang nandoon."

Kaagad na nanginig si Tiya Matilda. Alam niya na nakagawa siya ng malaking pagkakamali. Sumunod siya sa maling palatuntunan. Madilim na ngayon; hindi niya makukuha ang kanyang mana.

Nang panahong iyon ay dumating na ang kambal sa silid kasunod ang tagapagpatupad. "Tiya Matilda, tingnan mo! Ang mana mo ay nakalagay sa aklat na ito."

Lumiwanag ang mata ni Tiya Matilda. Maaari kaya na makuha pa rin niya ang kanyang kayamanan? Habang binubuksan niya ang aklat at ang sekreto nitong lalagyan, siya ay namangha. Ang mga dyamante at mga ruby ay lumabas ang kaningningan nito. Tumulo ang luha sa kanyang mga mata habang niyayakap ang masayang kambal. "Alam ninyo kung paano sumunod sa tamang mga palatuntunan! Paano ko kaya kayo mapapasalamat!" ang paiyak niyang nasabi sa kanila.

Ang tatlong masayang manlalakbay ay sumakay na ng eroplano para sa isang mahabang byahe pauwi sa kanilang tahanan. Habang ang eroplano ay patuloy na lumilipad sa ibabaw ng mga ulap, ang tatlo ay masayang pinag-uusapan ang kanilang naging karanasan. Saglit na natigilan si Tiya Matilda. Pinag-isipan ng kambal kung ano ang gumugulo sa kanyang isip. "Alam ninyo, mga bata, pinag-iisipan ko na naging mangmang ako na hindi sumunod sa tuntunin para sa akin. Bago tayo umalis, ang mga magulang ninyo ay sinabihan ako na maging maingat sa pagsunod sa panuntunan ng Dios para sa akin. Akala ko ay balewala iyon, ngunit ngayon ay alam ko kung gaano iyon ka-importante. Hindi na ako makapaghintay para sabihin sa kanila kung ano ang nangyari at gusto kung malaman ang iba pang mga bagay tungkol sa "tamang paghahati ng Salita ng Dios."

~ W A K A S ~

Minero - Unang Aralin

1. Ano ang pangalan ng tiya nina Bob at Betty? _____
2. Nasaan sina Bob at Betty nang sabihin ng kanilang Tiya Matilda ang tungkol sa "malaking balita?" _____
3. Ano ang sinabi ni Tiya Matilda ng marinig niya ang kwento ng mga magulang ni Bob at ni Betty tungkol sa kanilang pagsampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo bilang

Tagapaligtas?

- a. kahanga-hanga b. oh my k. Hallelujah

4. Si Tiya Matilda ba ay interasado na malaman ang tungkol sa "tamang paghahati" ng Biblia bago sila umalis upang maglakbay? Oo / Hindi

5. Anong bansa ang pintuntahan nina Tiya Matilda, Bob at Betty?

- a. France b. England k. Germany

6. Anong silid sa kastilyo ang para kay Bob?

- a. Tea Room b. Thoroughbred Room k. Rose Room

7. Sinunod ba ni Eunice ang mga tuntunin para sa kanya? Oo / Hindi

8. Kaninong tuntunin ang sinundan ni Tiya Matilda? _____

9. Bakit hindi natagpuan ni Tiya Matilda ang kayamanang para sa kanya?

- a. Hindi niya naunawaan ang mga clue
b. Sinunod niya ang mga clue para kay Eunice

10. Sinabi sa atin ng Dios kung paano dapat pag-aralan ang Kanyang Salita ayon sa 2 Tim. 2:15. Ilagay ang mga salita ng talata na nagsasabi sa atin kung paano tayo magiging katanggap-tanggap sa Dios. _____

11. "Paghahati ng tama" ay nagtuturo sa atin kung paano hahatiin ng tama ang Biblia at kunin ang mga tuntunin sa tamang pamumuhay sa panahon ng biyaya mula sa ating apostol. Sa Roma 11:13 ay sinasabi sa atin kung sino ang ating apostol. Sino siya? _____

12. Sa ngayon, ang pagsunod sa Panginong Jesu-Cristo ay nangangahulugan na -

- a. hatiin natin ng tama ang Biblia at sundin si Pablo na ating apostol
b. sundin si Moises at ang Sampung Utos
k. kunin ang mga tuntunin natin para sa buhay Kristiano mula sa apat na ebanghelyo

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pangalawang Aralin

Mga Talatang Sasauluhin - Genesis 1:1 - "Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa."

Efeso 1:10 - "Dahil sa dispensasyon ng kapuspusan ng mga panahon ay Kaniyang pag-iisahin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang lahat ng mga bagay, maging ang nasa langit, at nasa lupa, maging sa Kaniya."

Isulat ang talata sa Genesis 1:1

Gamitin ang mga salita sa sunod na pahina para mapunuan ang mga patlang.

Sa pasimula ay nilikha ng Dios ang dalawang bagay. Ito ay ang _____ at ang _____. Ang Dios ay may plano para sa langit at sa lupa.

Sa Efeso 1:10 ay sinasabi sa atin kung ano ang planong ito.

Titipunin ng Dios "ang lahat ng bagay" na nasa langit at nasa lupa kay Cristo.

Ano ang mga "lahat ng bagay" na nasa langit at nasa lupa.

Basahin ang Colosas 1:16 _____
_____.

Ang lahat ng pamunuan at kapangyarihan ay dadalhing lahat at ipapailalim sa pamamahala ng Panginoong Jesu-Cristo.

Bakit hindi na lang gawin ito ng Dios? Hindi ba ang lahat ng mga bagay ay sa Dios? Hindi ba ang Dios ang may kontrol ng langit at lupa ngayon? Tanungin mo ang iyong sarili, ang Panginoon ba ang naghahari sa mundo natin ngayon? Tumingin ka sa iyong paligid, hindi ba! Ano ang nangyari?

Basahin ang mga sumusunod na talata:

Isaias 14:12-15 - Sino ang nagrebelde sa Dios? _____

Pahayag 12:7-9 - Sino pa ang ibang nagrebelde? _____

Job 1:6,7 - Saan lumalakad si Satanas? _____

Efeso 6:12 - Nasaan ang kasamaan? _____

Ang kalangitan ay narumihan ng kasamaan. Ano naman kaya dito sa mundo.

Basahin ang Genesis 1:28 - Inilagay ng Dios si Adan sa mundo para _____
_____ at _____. Si Adan ay magiging parang
isang hari dito sa mundo upang ibalik ang kapangyarihan ng Dios dito sa mundo.

Ano ang nangyari? Basahin ang Genesis 3:1-6 - Si Satanas ay mabilis na pumasok sa
halamanan at natalo si Adan. Si Adan ay tahasang sumuway sa Dios, at ang kasalanan
kasama na ang kaparusahan ng kamatayan ay naipasa sa lahat ng nilalang.

Basahin ang Roma 5:12 - Ano ang pumasok sa mundo dahil kay Adan?

Ano ang naipasa sa lahat ng tao? _____ Ang lahat ng tao ay

Ang Dios ay hindi na nabigla dahil sa pagrerebelde ni Lucifer at ni Adan. Binigyan sila ng
Dios ng kakayahang gumawa ng desisyon upang piliin kung susundin at iibigin Siya.
Alam ng Dios na sila ay magkakasala. Mayroon ng plano ang Dios dahil sa Kanyang
karunungan na ibalik ang Kanyang pamamahala sa langit at sa lupa. Makikita natin kung
papaano Niya ginawa ang mga ito sa mga susunod na aralin.

Gamitin ang mga salita para mapunuan ang mga patlang.

sa kaitaasan	kamatayan	nagkasala	pamamahala	kasalanan
langit	pamahalaan	Lucifer mga anghel	lupa	
kapangyarihan	pamunuan	mga trono	kalatan ang lupa	supilin ito

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pangatlong Aralin

Mga Talatang Sasauluhin - Efeso 1:10 - "Dahil sa dispensasyon ng kapuspusan ng
mga panahon ay Kaniyang pag-iisahin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang lahat
ng mga bagay, maging ang nasa langit, at nasa lupa, maging sa Kaniya."

Zacarias 14:9 - "At ang Panginoo'y maghahari sa buong lupa: sa araw na yao'y
magiging isa ang Panginoo, at ang Kaniyang pangalan ay isa."

Isulat ang talata sa Zacarias 14:9

—

Mula sa Genesis hanggang sa Aklat ng Pahayag ay makikita natin ang karunungan ng Dios. Ang Kanyang plano na ibalik ang pamamahala sa Kanya ay dalawang bagay. Isa para sa lupa at isa para sa langit.

Una nating titingnan ang Kanyang plano para dito sa lupa. Basahin ang Genesis 12:1-3. Inihiwalay ng Dios ang isang bansa para sa Kanya. Ang Dios ay nagbigay ng pangako kay Abram. Ilista ang tatlong (3) pangako ng Dios na ibinigay kay Abram:

1. gagawin kitang isang malaking _____
2. ikaw ay Aking _____
3. _____ ko ang iyong pangalan

Basahin ang Genesis 13:15. Ano ang pangako ng Dios kay Abram?

—

Basahin ang Exodus 32:13. Ano ang minana ng binhi ni Abram?

—

Gumawa ng malaking dibisyon ang Dios sa mga tao. Basahin ang Genesis 17:1-9 Hinati ng Dios ang mga tao sa bansang Israel at sa mga bansang Hentil. Ano ang tanda ng pangakong ito ng Dios kay Abraham? _____

Basahin ang Deuteronomio 7:6-8. Ang Israel ay hindi pinili dahil siya ay mas mabuti sa iba, kundi siya ay pinili dahil:

1. siya ang magiging daluyan ng pagpapala ng Dios sa lahat ng mga bansa _____ Genesis 22:18
2. gagamitin ng Dios para maibalik ang Kanyang pamamahala sa mundo
2 Samuel 7:16; Mga Awit 89:34-37

Ang ating natutunan tungkol sa Israel

Ang gagamitin ng Dios na daluyan ng pagpapala. Ang Israel ay nagpasimula na makatanggap ng mga pagpapala mula sa Dios sa pamamagitan ng kanilang pananatili sa lugar na iyon. Ngunit hindi sila nanatili doon. Basahin ang Exodo 1:1. Nasaan ang Israel? _____

Basahin ang Exodus 3:14,15. Sino ang pinili ng Dios na manguna sa Israel para umalis

sa Ehipto? _____

Basahin ang Deuteronomio 4:1. Ibinigay ni Moises ang mga _____

at _____

Ang kautusan ang paraan ng Dios para subukin ang Israel. Kung susundin nila ang kautusan, pagpapalain sila ng Dios. Kung hindi susundin ng Israel ang kautusan, susumpain sila ng Dios.

Basahin ang Deuteronomio 28:47. Kinakailangang sundin ng Israel ang kautusan bilang kapahayagan ng _____ at _____ ng kanilang puso.

Ang pangunahing tuntunin ng kautusan ay "kung". Basahin ang Deuteronomio 28:1-4 at Leviticus 26:3,4. Makikita natin ang mga katagang "kung - dahil dito."

Sa Deuteronomio 4:5-8, ano ang gagawin ng ibang bansa kapag nakita nila ang kautusan ng Israel?

- a. gagawa ng sarili nilang batas
- b. sasambahin ang Dios ng Israel
- k. maglilingkod sa mga diyos-diyosan

Sa susunod na aralin ay makikita natin ang plano ng Dios sa Israel, ang bansa na Kanyang gagamitin para itatag ang Kanyang kaharian dito sa mundo.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Apat na Aralin

Mga Talatang Sasauluhin: Efeso 1:10 - "Dahil sa dispensasyon ng kapuspusan ng mga panahon ay Kaniyang pag-iisahin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang lahat ng mga bagay, maging ang nasa langit, at nasa lupa, maging sa Kaniya."

2 Samuel 7:16 - "At ang iyong sangbahayan at ang iyong kaharian ay matatatag magpakailan man sa harap mo: ang iyong trono ay matatatag magpakailan man."

Isulat ang talata sa 2 Samuel 7:16

Basahin ang 2 Samuel 5:12. Ang Dios ay nangako kay _____. Si David ba ay isang Israelita? Oo / Hindi

Hanggang kailan tatagal ang kaharian ni David? (100 taon, 1,000 taon, o magpakailanman)

Basahin ang Lukas 1:31-33. Sino ang maghahari sa trono ni David? _____

Sa unang kabanata ng Mateo ay matatagpuan natin ang mga ninuno ng Panginoong Jesu-Cristo. Sa talatang anim, kanino ipinangako ng Dios ang kaharian? _____

Basahin ang Mateo 1:1. Ang Panginoong Jesu-Cristo ba sa Kanyang pagiging tao ay nagmula kay David? Oo / Hindi

Sa Zacharias 14:9, nasaan ang kaharian ng Israel? sa langit, sa lupa, sa Mars

Sinabi ng Dios sa Zacharias 8:3 na Kanyang itatag ang Kanyang kaharian sa lungsod ng:

1. Chicago
2. Rome
3. Jerusalem

Sa Isaias 9:6,7 ay makikita natin si Jesu-Cristo bilang isang hari. Anong bahagi ng talatang anim ang naganap na? Ito ay ang: (pumili ng tamang sagot)

1. kapanganakan ni Cristo
2. pagkapako sa krus
3. kaharian

Ang pinaka-ultimong plano ng Dios sa lupa ay ilagay si Cristo sa trono at isama sa pamumuno ang Israel kay Cristo.

Basahin ang Pahayag 21:9-14. Sa talatang 12, kaninong mga pangalan ang nakasulat sa mga pinto?

1. 12 tribo ng Israel
2. Katawan ni Cristo
3. mga milyonaryo

Sa talatang 14, kaninong mga pangalan ang nakalagay sa 12 pundasyon?

1. 12 na apostol
2. 12 na hari

3. 12 na presidente

Ang Mateo 25:34 ay nagsasabi sa atin na ang kahariang ito ay nasa plano na ng Dios (bago mula pagkalipas) ng itatag ang sanlibutan.

Maraming mga impormasyon tungkol sa Israel, ang kanyang kaharian, ang lupa, ang kapighatian ng Israel, mga pagpapala at mga pangako -- ang lahat ng impormasyon na ito ay ipinaalam ng Dios sa Kanyang mga propeta. Ang programa para sa Israel ay hindi isang hiwaga/sekreto.

Ang programa ba para sa Israel ay isang hiwaga/sekreto? Oo / Hindi

2 Pedro 1:21 - "Sapagka't hindi sa kalooban ng tao dumating ang _____ kailanman: kundi ang mga _____ ay _____ buhat sa Dios, na nanga-udyukan ng Espiritu Santo."

Sa Lukas 1:68-70 ay sinabi ng Dios ang Kanyang programa upang iligtas ang Israel: talatang 70 - "Gaya ng _____ Niya sa pamamagitan ng Kaniyang mga banal na _____ na nagsilitaw buhat nang unang panahon."

Ang mga pangako sa Israel at ang kaharian dito sa lupa ang paksa ng mga hula sa mga pahina ng mga kasulatan.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Limang Aralin

Sauluhin - Mateo, Marcos, Lukas, Juan, Mga Gawa, Roma, 1 Corinto, 2 Corinto, Galacia, Efeso

Ilista ang mga aklat sa Biblia ayon sa pagkakasunod-sunod nito:

_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____

Subukang hanapin ang mga aklat na ito sa iyong Biblia at punuan ang mga nawawalang salita:

Mateo 12:40 - "Sapagka't kung paanong si _____ ay nasa tiyan ng isang balyena na tatlong araw at tatlong gabi..."

23:37 - "gaya ng pagtitipon ng _____ sa kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, ay _____ kayo!"

Marcos 4:41 - "Sino nga ito, na pati ng _____ at ng _____ ay tumatalima sa kaniya?"

7:7 - "Na nagtuturo ng kanilang pinaka-aral ng mga _____ ng mga tao."

Lukas 1:47 - "At nagalak ang aking espiritu sa _____ na aking Tagapagligtas."

24:32 - "samantalang binubuksan niya sa atin ang mga _____"

Juan 1:1 - " Nang pasimula siya ang _____"

3:16 - "Sapagka't gayon na lamang ang pag-ibig ng Dios sa _____"

Mga Gawa 1:26 - "nagkapalad si _____; at siya'y ibinilang sa labing-isang apostol."

16:31 - "at _____ ka, ikaw at ang iyong sangbahayan"

Roma 1:16 - "sapagka't hindi ko ikinahihiya ang _____"

3:23 - "Sapagka't ang lahat ay _____"

1 Corinto 1:9 - "Ang Dios ay _____"

6:19 - "ang inyong katawan ay _____ ng Espiritu Santo"

2 Corinto 1:3 - "Dios ng buong _____"

4:7 - "Nguni't taglay namin ang _____ ito"

Galacia 1:4 - "Na Siyang nagbigay ng Kaniyang sarili dahil sa ating mga _____"

3:26 - "sa pamamagitan ng pananampalataya kay _____"

Efeso 2:8 - "ito'y _____ ng Dios"

6:1 - "Mga anak, _____ kayo sa inyong mga magulang"

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

Unang Aralin

Walang kakabisahin

Pangalawang Aralin

Genesis 1:1 - "Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa."

Efeso 1:10 - "Dahil sa dispensasyon ng kapuspusan ng mga panahon ay Kaniyang pag-iisahin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang lahat ng mga bagay, maging ang nasa langit, at nasa lupa, maging sa Kaniya."

Pangatlong Aralin

Zacarias 14:9 - "At ang Panginoon'y maghahari sa buong lupa: sa araw na yao'y magiging isa ang Panginoon, at ang Kaniyang pangalan ay isa."

Pang-Apat na Aralin

2 Samuel 7:16 - "At ang iyong sangbahayan at ang iyong kaharian ay matatatag magpakailan man sa harap mo: ang iyong trono ay matatatag magpakailan man."

Pang-Limang Aralin

Mateo, Marcos, Lukas, Juan, Mga Gawa, Roma, 1 Corinto, 2 Corinto, Galacia, Efeso

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Anim na Aralin

Mga Talatang Sasauluhin - Mga Awit 132:13 - "Sapagka't pinili ng Panginoon ang Sion; inibig Niyang ito'y maging Kaniyang tahanan."

Mga Awit 132:14 - "Ito'y Aking pahingahan magpakailan man. Dito Ako tatahan; sapagka't ito ang nais Ko."

May layunin ang Dios ng likhain Niya ang mundo. Basahin ang Mga Awit 132:10-14. Talatang 11 - "Ang Panginoon ay sumumpa kay _____ sa katotohanan; hindi Niya babaligtarin: ang bunga ng iyong katawan ay Aking ilalagay sa iyong _____."

Saan mo matatagpuan ang trono? sa gubat, sa kaharian, sa kapilya

Talatang 12 - Sinunod ba ng Israel ang tipan sa Dios at ang mga palatuntunan na itinuro Niya sa kanila? Oo / Hindi

Basahin ang Ezekiel 21:26. Naiwala ng Israel (sa ilang panahon) ang kanyang espesyal na katayuan. Nagkamali ang Israel. Kung kaya't kailangan nila hindi lamang ang isang hari, kundi isang Tagapagligtas!

Basahin ang Mga Awit 132:13. Pinili ng Dios ang _____.

Basahin ang 2 Samuel 5:7. Ang Sion ay ang _____ ni David. Ang lungsod na ito

ay tinatawag din na Jerusalem.

Bakit pinili ng Panginoon ang Sion? Ito ay Kanyang _____.

Ano ang isa pang salita para sa tahanan? _____

Sa Mga Awit 132:14 ay tinawag ng Dios ang Sion na _____.

Pahingahan ang kahulugan sa talatang ito na isang lugar na _____.

Bakit? Dahil iyon ang _____ Niya.

Basahin ang Mga Awit 87.2. Mahal ng Dios ang Jerusalem.

Mula doon ay pamamahalaan ng Dios kasama ang Israel, ang buong mundo!

Ang Dios ay may malaking plano sa ating maliit na planeta. Ang ilan ay natatakot na ang mundo ay maaaring wasakin ng tao. Ang sabi nila ay masyado ng umiinit ito at ang "acid rain" ay sinisira na ang mga kagubatan, o di kaya ang "ozone layer" ay malapit ng mawala at sobra-sobra na ang mga tao sa mundo at kailangan ng magplano ng mga tao para mailigtas ang mundo. Ang mundo ay sa Dios at sa huli Siya ay maghahari magpakailanman.

Basahin ang Lukas 1:31-33

Pagtugmain ang mga sumusunod na salita:

Sion	hari
tahanan	pag-ibig
kapahingahan	PANGINOON
trono	kaharian
ninanasa	tumahan
mundo	tirahan
Israel	Jerusalem
PANGINOON	mga pinuno sa mundo

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Pitong Aralin

Talatang Sasauluhin - Roma 11:12 - "Ngayon kung ang pagkahulog nila ay kayamanan ng sanglibutan, at ang pagkonti nila ay siyang kayamanan ng mga Hentil; gaano pa kaya ang kapunuan nila?"

Ano ang nangyari sa lahat ng mga hula at mga pangako sa Israel at ang plano ng Dios para sa mundo?

Nagkaroon ka na ba ng sirang relo o orasan? Ano ang nangyari? 1. ang mga kamay ay patuloy na gumagalaw 2. ang oras ay tumigil 3. ang oras ay bumilis

Syempre ang oras ay tumigil. Ganoon din ang nangyari sa Israel. Ang oras para sa Israel ay pansamantalang itinigil. Tingnan natin kung makikita natin kung saan ito tumigil.

12

11	Ang paglikha ng Dios ng langit	1
Bagong langit, bagong lupa	at ng lupa	Ang pagkakasala ni Adan
Si Cristo ay nasa trono		2
kasama ang Israel		Abraham - Bansa
10		Mga Pangako - Israel
Si Satanas ay pinakawalan		3
at itinapon sa dagat-dagatang apoy	Moises - Kautusan	
9		4
Ang Israel ay pinagpala		David - Kaharian
Nagsimula ang kaharian	ANG	5
8	MUNDO	Si Cristo ay ipinanganak,
Si Cristo ay magbabalik,		tinanggihan, ipinako,
tatalunin ang Anti-Cristo,		nabuhay na mag-uli
luluklok sa trono		
7	6	
Poot, lalabas ang Anti-Cristo, Inialok sa Israel		
magdaranas ng dakilang	ang kaharian, tinanggihan	

kapighatian ang Israel at pansamantalang isinantabi

Pwede mo bang lagyan ng kamay ang orasan kung saan ito huminto sa programa at hula para sa Israel?

Kailan natapos ang pagkabalag ng Israel? Kailan ang "kapuspusan ng mga _____ ay dumating?" (Roma 11:25)

Sa Roma 11:12 ay sinasabi ang (pagkahulog, pagtayo, kaluwalhatian) nila (Israel) ay ang kayamanan ng sanlibutan.

Sa Roma 11:15 ay sinasabi na "kung ang _____ sa kanila ay siyang pakikipagkasundo ng sanglibutan, ano kaya ang _____ sa kanila, kundi buhay mula sa mga patay?"

Makikita natin dito na ang Dios ay pansamantalang itinigil ang programa at mga hula para sa bansang Israel.

Ngunit nakakasigurado tayo na ang Dios ay muling sisimulan ang orasan para sa Israel dahil sa Roma 11:26-29 ay sinasabi na ang Israel ay maliligtas, darating ang kanilang Tagapagligtas. Sila ay minamahal ng Dios at ang _____ at ang _____ ng Dios ay hindi nagbabago.

Ano ang susunod na pangyayari sa mga programa at hula sa Israel? _____

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Walong Aralin

Talatang Sauluhin - Roma 16:25 - "At ngayon sa Kaniya na makapangyarihang sa inyo'y magpatibay ayon sa aking ebanghelyo at sa pangangaral tungkol kay Cristo Jesus, ayon sa pahayag ng lihim na itinago mula pa sa pasimula ng sanglibutan."

Ang Dios ay may hiwaga o sekreto! Mga bagay na hindi ipinaalam tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo na ipinangaral ni Apostol Pablo.

Tayo ay maghuhukay sa Salita ng Dios at ating malalaman ang hiwaga o sekreto, at kung bakit ito itinago ng Dios. Naaalala mo pa ba ang Genesis 1:7? May konti tayong nalaman tungkol sa plano ng Dios na muling ibalik ang Kanyang pamamahala sa sanlibutan, ngunit wala siyang ipinahayag sa mga hula sa kasulatan tungkol sa pagbabalik ng Kanyang pamamahala sa LANGIT. Itinago ng Dios ang bahaging ito ng Kanyang plano. Bakit? Basahin ang 1 Corinto 2:7,8. Kung nalaman ni Satanas ang tungkol sa hiwagang ito, ano kaya ang hindi magaganap?

Pinili ng Dios ang isang tao na tagapaghayag, ang tagapagsalita upang ipaalam ang hiwagang ito. Basahin ang Efeso 3:1-5. Dito ay sinasabi ng Dios na pinili si (Pedro, Santiago, Pablo) upang ipahayag ang hiwagang ito.

Nangaral si Pablo ng ibang ebanghelyo na kaiba sa naipangaral na ng iba. Basahin sa Mga Gawa 20:24. Ano ang tawag sa ebanghelyo ni Pablo?

Sa Galacia 2:7, ang ebanghelyo ni Pablo ay tinatawag na

Pansamantalang ipinagpaliban ng Dios ang programa sa kaharian ng Israel at ipinahayag ang bagong dispensasyon o pamamahala. Sa Efeso 3:2, ang tawag dito ng Dios ay _____ ng _____ ng Dios.

(Note: don't include the crossword puzzle, due to limited space)

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Siyam na Aralin

Talatag Sauluhin - Efeso 3:2 - "Kung inyong narinig ang dispensasyon ng biyaya ng Dios na ibinigay sa akin para sa inyo."

Isulat ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

Ang ating talata ay ginamit ang salita na "dispensasyon" o pamamahala.

Si Apostol Pablo ay sinabihan ng Dios na ibigay (ipahayag ang mga bagay) para sa iyo. Ano ang tatlong salita sa ating talata na nagsasabi kung ano ang ibinigay ni Pablo para sa iyo? B_____ ng D_____. Kung papaanong ang "pop machine" ay naglalabas ng "pop" at ang "gumball machine" naman ay naglalabas ng "gumballs," kung kaya't si Apostol Pablo ay mensahero ng Dios upang ipahayag ang "biyaya ng Dios".

Ang dispensasyon ng biyaya ng Dios ay hindi laging ipinahahayag ng Dios. Halimbawa. Sa Juan 1:17 ay nalaman natin na ang Dios ay nagbigay ng ilang alituntunin kay Moises para sa bansang Israel. Ano ang tawag sa mga alituntunin sa talatang ito? _____ Ang ating talata ay nagsasabi na ang dispensasyon natin ay ang dispensasyon ng _____. Ang kautusan at biyaya ay hindi

magkapareho.

Pagtugmain ang mga ito:

dispensasyon ng kautusan

Pablo

dispensasyon ng biyaya

ibigay ang ibang bagay

dispensasyon

Moises

Ang Israel ay binigyan ng dispensasyon ng kautusan sa pamamagitan ni _____. Ikaw at ako ay binigyan ng dispensasyon ng _____ sa pamamagitan ni Pablo. Sa 1 Corinto 14:37 ay sinabi ni Pablo na ang mga bagay na kanyang isinusulat ay _____ ng Panginoon. Hindi natin sinasamba si Moises o si Pablo. Sila ang mga matatapat na tao ng Dios na pinili upang magbigay ng Kanyang mga alituntunin. Sinasamba natin ang Panginoong Jesu-Cristo, at ngayon ay sinasamba natin ang Dios sa pagsunod kay (Pablo o Moises). Bakit hindi natin pwedeng sundin si Pablo at si Moises ng magkasabay?

1. ang kautusan at biyaya ay magkaiba
2. si Moises ay patay na
3. ang kautusan at biyaya ay magkapareho

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Sampung Aralin

Talatang Sauluhin - Efeso 2:15 - "Na inalis ang pagkakaalit sa pamamagitan ng Kaniyang laman, maging kautusan ng mga batas na napapaloob sa mga palatuntunan; upang sa dalawa ay lalangin sa Kaniyang sarili ang isang taong bago, sa ganito'y ginawa ang kapayapaan."

Ang susunod na pagkilos ng orasan para sa mga hula sa Israel ay ang pagbuhos ng poot at paghatol ng Dios. Ito ay ang pitong taon ng dakilang kapighatian. Ngunit ating nakita na pansamantalang itinigil ng Dios (para sa ngayon) upang maipahayag Niya ang pangalawang bahagi ng Kanyang plano na muling ibalik ang Kanyang pamamahala sa Langit.

Sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo ni Pablo, ang Dios ay tinatawag ng Dios ang bagong grupo ng mga tao. Sa ating isasaulong talata ay tinatawag ang grupo na ito na b_____ t_____.

Ang iba pang tawag sa grupong ito ay matatagpuan sa:

Efeso 1:22 - _____

Efeso 1:23 - Kanyang _____

1 Corinto 12:12 - ang _____

Paano tinatawag ng Dios ang grupong ito na "ang iglesia, ang Katawan ni Cristo, ang bagong tao"?

2 Tesalonica 2:14 - "Sa kalagayang ito'y _____ Niya kayo sa pamamagitan ng aming ebanghelyo."

Tinatawag ng Dios ang mga tao sa dispensasyon ng biyaya sa pamamagitan ng ebanghelyo na ipinangaral ni Pablo.

Ang ebanghelyong ipinangaral ni Pablo na dapat nating sampalatayanan ay matatagpuan sa 1 Corinto 15:1-4:

1. Si Cristo ay _____ para sa ating mga _____

2. Siya ay _____

3. Siya ay muling _____ sa ikatlong araw

Ang pagsampalataya sa mga ito, hindi lang ang pagka-alam ng mga katotohanan, kundi ang lubos na pagtitiwala kay Cristo bilang Tagapagligtas, na namatay para sa ating mga kasalanan, inilibing at muling nabuhay, ang maglalagay sa iyo sa bagong grupo na ito na tinatawag na ang bagong tao.

Ang grupo ng mga tao na ito, na ating tatawaging ang Katawan ni Cristo magmula ngayon, ay may ibang plano kumpara sa Israel.

Ang plano para sa Israel ay (sa langit o sa lupa)?

Basahin ang Efeso 2:6. Saan tayo pinaupo ng Dios? sa _____

2 Corinto 5:1 ay sinasabi na: "ay mayroong kaming isang gusaling mula sa Dios, bahay na hindi gawa ng mga kamay, walang hanggan, sa _____."

Sa Colosas 1:5 ay sinasabi na mayroon tayong pag-asa sa _____.

Sa Colosas 3:1 ay sinasabi na dapat nating hanapin ang mga bagay na _____.

Sa Filipos 3:20 ay sinasabi na ang ating pagkamamamayan ay sa _____.

Oo, tayo ay makalangit na tao at may destinasyon na patungo sa langit.

layos ang mga salitang ito:

wantaka in toCris _____

langitmaka an oat _____

gawatin _____

helyongabe _____

kestore _____

ngobag oat _____

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

Pang-Anim na Aralin

Mga Awit 132:13 - "Sapagka't pinili ng Panginoon ang Sion; inibig Niyang ito'y maging Kaniyang tahanan."

Mga Awit 132:14 - "Ito'y Aking pahingahan magpakailan man. Dito Ako tatahan; sapagka't ito ang nais Ko."

Pang-Pitong Aralin

Roma 11:12 - "Ngayon kung ang pagkahulog nila ay kayamanan ng sanglibutan, at ang pagkonti nila ay siyang kayamanan ng mga Hentil; gaano pa kaya ang kapunuan nila?"

Pang-Walong Aralin

Roma 16:25 - "At ngayon sa Kaniya na makapangyarihang sa inyo'y magpatibay ayon sa aking ebanghelyo at sa pangangaral tungkol kay Cristo Jesus, ayon sa pahayag ng lihim na itinago mula pa sa pasimula ng sanglibutan."

Pang-Siyam na Aralin

Efeso 3:2 - "Kung inyong narinig ang dispensasyon ng biyaya ng Dios na ibinigay sa akin para sa inyo."

Pang-Sampung Aralin

Efeso 2:15 - "Na inalis ang pagkakaalit sa pamamagitan ng Kaniyang laman, maging kautusan ng mga batas na napapaloob sa mga palatuntunan; upang sa dalawa ay lalangin sa Kaniyang sarili ang isang taong bago, sa ganito'y ginawa ang kapayapaan."

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Labing-Isang Aralin

Talatang Sasauluhin - Roma 8:29 - "Sapagka't yaong mga nang una pa'y Kaniyang nakilala, ay itinalaga naman Niya na maging katulad ng larawan ng Kaniyang Anak, upang Siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid."

Si Jesu-Cristo ay tinatawag na "panganay" sa ating talata.

Nang si Cristo ay mabuhay na mag-uli mula sa mga patay, Siya ang "una" kung saan marami pa ang susunod.

Ang buhay ni Cristo ang Siyang tumatahan sa buhay ng bawat isang miyembro ng Kanyang katawan.

Basahin sa Roma 6:4,5. Sinasabi na dapat tayong lumakad sa _____ buhay.

Basahin ang Galacia 2:20, "si Cristo ang _____ sa akin."

Basahin ang Colosas 3:1 - "Kung kayo nga'y muling _____ na kalakip ni Cristo."

Sa 2 Corinto 5:17, tayo ay tinatawag na "bagong _____."

Ang katawan ni Cristo ay bagong lahi ng mga tao. Tinatawag sa Tito 2:14 ang Katawan ni Cristo na _____.

Ang salitang "peculiar" sa English ay hindi nangangahulugan na kakaiba at nakakatakot. Ang ibang sabihin nito ay ang pagkakaroon ng mga bagay na wala ang iba.

Taglay natin ang buhay ni Cristo. Ito ang bagay na itinago ng Dios. Hindi naisip ng Israel ang ganitong bagay na kahanga-hanga. Hindi tumahan ang Dios sa kanila.

Basahin ang 2 Cronica 5:14. Ang kaluwalhatian ng Dios ay pumuno sa _____. Ang templo ay tagpuan ng Dios at ng bansang Israel.

Ang malaman na ang Dios ay nabubuhay sa atin ay isang maluwalhating katotohanan na tanging ipinahayag kay Pablo. Ito ay ang isa sa pinaka-mahalagang butil ng katotohanan tungkol sa sekreto, ang hiwaga, na ipinahayag kay Pablo.

Basahin ang Colosas 1:27 - "Na sa kanila'y minagaling ng Dios na _____ kung ano ang mga _____ ng kaluwalhatian ng _____ ito sa gitna ng mga Hentil, na ito'y si _____ na nasa inyo, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian."

Ang ating pisikal na katawan ay hindi angkop na mabuhay sa kalawakan, o sa langit.

Ang pagtataglay ng buhay ni Cristo ang mag-aakma sa atin para sa makalangit na destinasyon!

Nang si Cristo ay mabuhay na muli sa mga patay, Siya ay may katawan na **angkop** para sa langit. Basahin ang Lukas 24:51. Saan dinala si Cristo? _____

Kinailangan ba Niya ang sasakyang pangkalawakan para makapunta doon sa langit? Oo o Hindi

Kinailangan ba Niya ang damit na pangkalawakan? Oo o Hindi

Ang Kanyang katawan na nabuhay na mag-uli ay naka-desinyo para sa langit.

Ang Kanyang katawan na nabuhay na mag-uli ay angkop para sa walang hanggan.

Basahin ang Roma 6:9 - "si Cristo na nabuhay na mag-uli sa mga patay ay hindi na _____."

Ang buhay na ito ni Cristo ay taglay ngayon ng lahat ng miyembro ng Katawan ni Cristo. Ang lahat ay naghihintay para sa "tahanan" - ang katawan na maglilipat sa atin sa walang hanggan doon sa langit.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Labing-dalawang Aralin

Mga Talatang Sasauluhin - Filipos 3:20 - "Sapagka't ang ating pagka-mamamayan ay nasa langit; mula doon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Cristo."

Filipos 3:21 - "Siya mismo ang magbabago ng ating hamak na katawan, upang ito ay maging katulad ng Kaniyang maluwalhating katawan, ayon sa paggawa niyaong may kakayahang pasukuin ang lahat ng mga bagay sa Kaniyang sarili."

Ang ating maluwalhating katawan!

Nangarap ka na ba na magkaroon ng bagong katawan? Iyong malakas, matalino, maraming kakayahan at magandang katawan? Kung oo, kahit na ang "pinaka-magandang katawan" ay mamamatay at magbabalik sa alabok.

Sa Roma 8:21 ay sinasabi sa atin na ang buong sangnilikha ay pinananatiling "alipin" ng _____.

Sa Roma 8:23 ay sinasabi sa atin na ang lahat ng mananampalataya ay "naghihintay ng pagkukupkop, na dili iba't, ang _____ sa ating katawan."
Sinasabi sa ating sasauluhing talata na si Cristo ang "Siyang _____ ng

_____ ng ating pagkamababa, upang _____ ng katawan ng Kaniyang _____."

Naisip mo na ba kung ano ang magiging hitsura natin doon sa langit? Sigurado ako na hindi ito katulad ng hitsura ng mga nilalang sa pelikula na nagmula doon sa kalawakan na may isang mata, tatlo ang ulo, o kaya ay anumang pangit at parang halimaw na nilalang. Ang mga ito ay produkto lamang ng masamang isipan ng mga tao.

Sinasabi sa ating talata na magkakaroon tayo ng katawan na katulad ni Cristo. Nakilala ba ng mga alagad si Cristo matapos na Siya ay mabuhay na mag-uli?

Basahin ang Mateo 28:9 Oo o Hindi

Makikita natin dito na si Cristo ay pwedeng mag-s_____ at Siya ay may p_____.

Basahin ang Lukas 24:30. Si Cristo ay u_____ at Siya ay k_____.

Basahin ang Lukas 24:39. Si Cristo ay may k_____ at p_____, mayroon din Siyang l_____ at b_____.

Ganoon pa rin ang magiging hitsura natin. Subalit ang ating katawan ay magiging angkop para sa langit, na may kakayahang gumalaw at maglingkod sa Panginoon doon sa langit.

Ang Israel ay hindi nangangailangan ng ganitong "espesyal na katawan" sapagkat sila ay titira dito sa _____. Isasakatuparan ng Israel ang layunin ng Dios dito sa lupa upang ang lahat ng bagay dito sa **lupa** ay mapasailalim ng pamamahala ni Cristo.

Basahin natin sa ating talatang sasauluhin at tingnan natin kung ano ang gagawin ng Dios sa Katawan ni Cristo doon sa langit?

1. tumugtog ng alpa 2. maglaro ng golf 3. pasukuin ang lahat ng bagay

Alam mo ba ang ibig sabihin ng "pasukuin"? Tingnan mo ito sa diksyunaryo. Ang ibig sabihin nito ay:

1. matulog 2. magtagumpay 3. magsanay

Ikaw at ako ay gagamitin ng Dios bilang mga miyembro ng Katawan ni Cristo upang pasukuin at pagtagumpayan ang lahat ng mga bagay upang ipasailalim sa pangunguna ni Cristo.

Ang langit ay totoong lugar katulad din ng mundo. Ang mundo ay nakikita natin, nahahawakan natin at nararanasan natin. Alam mo ba na ang mundo ay naka-desinyo katulad sa langit? Sa Roma 1:20 ay sinasabi na ang mga bagay na _____ buhat pa nang lalangin ang sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na _____ Niya.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Labing-tatlong Aralin

Talatang Sasauluhin - Colosas 1:16 - "Sapagka't sa pamamagitan Niya ay nilalang ang lahat na mga bagay, ang mga nasa langit at nasa lupa, mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di-nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya at ukol sa Kaniya."

Ano ang lahat ng mga bagay kay Cristo kasama ng Israel ang pasusukuin sa ilalim ng pamamahala ni Cristo sa lupa at sa katawan ni Cristo doon sa langit?

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____

Ang bawat isa dito ay tumutukoy sa mga posisyon ng pamamahala, gobyerno at kapangyarihan.

Ang ating sasauluhing talata ay nagsasabing ang mga bagay na _____ ay dito sa lupa, ngunit ang _____ ay nasa langit. Nakakatiyak tayo na ang mga posisyong ito ay tumutukoy sa gobyerno at pamamahala na totoo doon sa langit at maging dito sa lupa.

Tingnan natin kung kaya nating hulaan ang mga tao na may posisyon ng kapangyarihan dito sa lupa.

1. ang Mayor ng Maynila _____
2. ang Presidente ng Pilipinas _____
3. ang Reyna ng Inglatera _____

Ang Dios ay gumagamit ng parehong mga salita na tumutukoy sa mga posisyon ng kapangyarihan doon sa langit katulad ng paggamit Niya sa mga posisyon ng kapangyarihan dito sa lupa. May magkaparehong sistema ng pamamahala sa langit katulad din dito sa lupa.

Makikita natin kung bakit ang pamamahala dito sa lupa ay kinakailangang pasukuin. Ang mga pamamahala dito sa mundo ay hindi sumasamba at naglilingkod sa Dios. Ganoon din ang nangyayari doon sa kalangitan. Ang mga posisyong ito ng kapangyarihan ay natalo ni Satanas.

Ang langit ay may kaparehong sistema ng pamamahala katulad ng ating makikita dito sa lupa. Organisado ang sa langit.

Gagamitin ng Dios ang katawan ni Cristo upang pagtagumpayan, lupigin at ipailalim ang

lahat ng posisyon ng kapangyarihan sa pamumuno ni Cristo.

Basahin sa Efeso 1:22,23. Ang plano ng Dios ay ipailalim ang lahat ng bagay sa Kanyang _____. Ibinigay ng Dios sa Kanya (Cristo) ang _____ sa lahat ng bagay (posisyon ng kapangyarihan) sa _____ (Katawan ni Cristo).

Pupunuan ng Dios ang lahat ng bagay (posisyon ng kapangyarihan) sa Katawan ni Cristo sa ilalim ng pamumuno ni Cristo.

Tayo ay bahagi ng MALAKING BAGAY o PANGYAYARI!

Pinanghihinaan ka na ba dahil sa mga problema sa buhay? Mayroon kang magandang kinabukasan na mamuno kasama ni Cristo at maglingkod sa Kanya ng walang-hanggan doon sa langit.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Labing-Apat na Aralin

Talatang Sasauluhin - Colosas 1:20 - "At pagkatapos gawin ang kapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng Kaniyang krus, upang sa pamamagitan Niya ay ipagkasundo sa Kaniyang sarili ang lahat ng mga bagay, oo sa pamamagitan Niya, sinasabi ko, maging mga bagay nasa sa lupa, o mga bagay nasa langit."

Si Jesu-Cristo ang pinaka-sentro ng lahat ng bagay na ginagawa ng Dios Ama.

Sa Colosas 1:19 ay sinasabi sa atin na "minagaling ng Ama na ang buong _____ ay manahanan sa Kaniya (Cristo)."

Ang kapuspusan ay nangangahulugan na lahat ng bagay, ang buong sanlibutan!

Ang plano ng Dios na ibalik ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa lupa sa ilalim ng pamumuno ng Panginoong Jesu-Cristo ay posibleng mangyari dahil lang sa isang bagay.

Ang ating talata ay nagsasaad na ang kapayapaan sa Dios ay ginawa sa pamamagitan ng _____ ng Kanyang _____.

Nalaman natin sa ibang mga aralin na tayo ay dating kaaway ng Dios, makasalanan, masama, at nahiwalay sa Dios. Dahil lamang sa ginawa sa krus ng Panginoong Jesu-Cristo, tayo ay nagkaroon ng kapayapaan sa Dios.

Para tayo ay maging kabahagi ng plano ng Dios ay kinakailangang makipagkasundo sa Dios. Ang pakikipagkasundo ay nangangahulugang:

1. pinaghiwalay

2. pinagkaisa

3. kinansela

Ang dugo sa krus na ibinayad para sa ating mga kasalanan at nakasapat sa hustisya ng Banal na Dios. Ang kapayapaan sa Dios ay ginawa sa pamamagitan ng dugo Niya (Cristo) sa krus. Ang biyaya ng Dios ay walang bayad upang magbigay ng kaligtasan, kapatawaran, kapayapaan, at pakikipagkasundo sa kahit sino at sa lahat ng sasampalataya dahil sa dugo ni Cristo sa krus.

Dahil sa dugo ni Cristo ay binuo ng Dios ang katawan ni Cristo.

Sa pamamagitan din ng dugo ay iniligtas ng Dios ang Israel.

Basahin ang Isaias 53:5 at 59:20.

Ang ating talata ay nagsasabi na ang lahat ng bagay (posisyon ng pamamahala) ay ipinagkasundo sa Kanya, maging ito ay nasa _____ o mga bagay na nasa _____.

Basahin ang Colosas 1:21. At _____. Gusto mo ba na ang Dios ang nakikipag-usap ng personal?

Ikaw at ako ay pinag-isa (ipinagkasundo) sa Kanya, at ihaharap tayo -

Basahin ang Colosas 1:22 - "upang kayo'y iharap na mga _____ at _____ at _____ sa harapan Niya."

Lahat ng ginagawa ng Dios ay naka-sentro sa Kanyang Anak.

Lahat ng bagay sa ating buhay, ganoon din ang lahat ng ating ginagawa ay dapat naka-sentro kay Cristo.

Mag-drawing ng gulong ng bisikleta at maglagay ng maliit na bilog sa sentro ng gulong. Lagyan ng mga tadyang ang paligid ng gulong.

likot ba ng maayos ang gulong? Oo o Hindi

Muling mag-drawing ng gulong at alisin ang maliit na bilog sa sentro ng gulong.

Ano ang mangyayari kapag umikot na ang gulong? _____

Ang susi sa matagumpay na buhay Kristiyano ay ang pagiging sentro ni Jesu-Cristo sa lahat ng nangyayari sa buhay mo.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Labing-Limang Aralin

Sauluhin - Filipos, Colosas, 1 Tesalonica, 2 Tesalonica, 1 Timoteo, 2 Timoteo, Tito, Filemon, Hebreo, Santiago

Ilista ang mga aklat sa Biblia ayon sa pagkakasunod-sunod nito:

_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____

Punuan ang mga nawawalang salita!

Filipos 2:8 - "At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, Siya'y _____ sa Kaniyang sarili..."

Colosas 3:16 - "_____ nawang sagana sa inyo ang salita ni Cristo..."

1 Tesalonica 4:16 - "Sapagka't ang Panginoon din ang _____ mula sa langit..."

1 Timoteo 2:6 - "Na ibinigay ang Kaniyang sarili na _____ sa lahat..."

2 Timoteo 3:14 - "Datapuwa't _____ ka sa mga bagay na iyong pinag-aralan at sa pinagkaroonan mo ng katunayan..."

Tito 2:14 - "Na Siyang _____ ng Kaniyang sarili dahil sa atin..."

Filemon 3 - "Sumainyo nawa ang _____ at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesu-cristo."

Hebreo 1:8 - "Nguni't tungkol sa Anak ay sinasabi, Ang iyong luklukan, Oh _____, ay magpakailan man..."

Santiago 2:10 - "Sapagka't ang sinumang _____ ng buong kautusan..."

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

Pang-Labing-Isang Aralin

Roma 8:29 - "Sapagka't yaong mga nang una pa'y Kaniyang nakilala, ay itinalaga naman Niya na maging katulad ng larawan ng Kaniyang Anak, upang Siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid."

Pang-Labing-Dalawang Aralin

Filipos 3:20 - "Sapagka't ang ating pagka-mamamayan ay nasa langit; mula doon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Cristo."

Pang-Labing-Tatlong Aralin

Colosas 1:16 - "Sapagka't sa pamamagitan Niya ay nilalang ang lahat na mga bagay, ang mga nasa langit at nasa lupa, mga bagay na nakikita at ang mga bagay na dinakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya at ukol sa Kaniya."

Pang-Labing-Apat na Aralin

Colosas 1:20 - "At pagkatapos gawin ang kapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng Kaniyang krus, upang sa pamamagitan Niya ay ipagkasundo sa Kaniyang sarili ang lahat ng mga bagay, oo sa pamamagitan Niya, sinasabi ko, maging mga bagay nasa sa lupa, o mga bagay nasa langit."

Pang-Labing-Limang Aralin

Filipos, Colosas, 1 Tesalonica, 2 Tesalonica, 1 Timoteo, 2 Timoteo, Tito, Filemon, Hebreo, Santiago

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Labing-Anim na Aralin

Sauluhin - 1 Pedro, 2 Pedro, 1 Juan, 2 Juan, 3 Juan, Judas, Pahayag

Ilista ang mga aklat sa Biblia ayon sa pagkakasunod-sunod nito:

Punuan ang mga nawawalang salita!

1 Pedro 3:18 - "Sapagka't si Cristo man ay naghirap ring _____ dahil sa mga kasalanan..."

2 Pedro 3:4 - "At magsisipagsabi, Saan naroon ang _____ ng Kaniyang pagparito?"

1 Juan 2:15 - "Huwag ninyong ibigin ang _____..."

2 Juan 1:7 - "Sapagka't maraming _____ na nangagsilitaw sa sanglibutan..."

3 Juan 1:11 - "Minamahal, huwag mong _____ ang masama, kundi ang mabuti..."

Judas 1:24 - "Ngayon doon sa makapag-iingat sa inyo mula sa _____..."

Pahayag 20:15 - "At kung ang _____ ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay..."

Alalahanin at bigkasin ang 66 na aklat ng Biblia.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Labing-Pitong Aralin

Sauluhin - Efeso 3:10 - "Sa layuning ngayon sa pamamagitan ng iglesia, ay maipakikilala sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sa sangkalangitan ang malawak na karunungan ng Dios."

Gusto mo ba ng atensyon? Depende, di ba? Kung gumagawa ka ng mabuti, oo, ngunit kung hindi, umaasa ka na walang nakakapansin sa iyo.

Ang ating talata ay nagsasabi na tayo, ang katawan ni Cristo, ay ipinakikilala ang ilang mga bagay sa mga nasa sangkalangitan.

Tayo ba ay pinagmamasdan ng mga anghel?

Basahin ang 1 Corinto 4:9. Sinabi ni Apostol Pablo na siya ay ginawang panoorin ng

sanlibutan, at ng mga _____, at ng mga tao.

Basahin ang 1 Timoteo 5:21. Sinabi ni Pablo kay Timoteo: "Pinagbibilinan kita sa paningin ng Dios, at ni Cristo Jesus, at ng mga _____ na _____..."

Ang mga anghel ay mga saksi ng likhain ng Dios ang lahat ng mga bagay, Job 38:4,7 - "ang lahat ng mga _____ ay naghihiyawan sa kagalakan?"

Ang mga anghel ay may mahalagang papel na ginampanan sa programa ng Dios sa Israel, ngunit si Pablo ay hindi nagturo na sila ay aktibo ngayon sa panahon ng biyaya. Ang ating talata ay nagtuturo na ang mga anghel ay natututo tungkol sa sekreto ng Dios, ang hiwaga, tungkol sa atin.

Ang mga nasa sangkalangitan ay ipinaalam ang "karunungan" ng Dios sa Kanyang programa para sa bansang Israel. Ngunit wala silang alam tungkol sa "karunungan" ng Dios sa Kanyang sekretong programa. Ang plano ng Dios tungkol sa karunungan para sa mga nasa sangkalangitan ay sa pamamagitan ng Katawan ni Cristo.

Sa Efeso 3:12 ay nagsasabi sa atin tungkol sa mga anghel na nagmamasid at natututo mula sa atin. "Na sa Kaniya'y mayroon tayong _____ at _____ na may _____ sa pamamagitan ng ating pananampalataya sa Kaniya."

Ang mga anghel ay natututo tungkol sa kahanga-hangang biyaya ng Dios at kung ano ang nagawa ni Cristo doon sa krus habang minamasdan nila tayo. Ang Katawan ni Cristo ay saksi sa karunungan ng Dios sa kapahayagan ng Kanyang biyaya. Nakikita nila ang ating malapit na relasyon (walang pagkatakot at pag-aalinlangan) sa Dios Ama.

Ito ba ang ipinapakita mo sa mga anghel?

Roma 8:16 - "...tayo'y mga _____ ng Dios."

Roma 8:15 - "... na dahil dito'y sumisigaw tayo, _____, _____."

Lumalapit ka ba sa Dios na parang isang estranghero, o may pagkagalit? O namamasdan ng mga anghel na gusto mo ang malapit at maayos na relasyon sa Dios?

Nakikita rin nila nila ang ating paglapit sa Dios. Hindi na nangangailangan pa ng imbitasyon; mayroon tayong patuloy na kaugnayan sa Dios Ama. Hindi sa pamamagitan ng mga langit, kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios na tumatahan sa atin!

Efeso 1:13 - "...mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako."

Ang mga anghel ba ay natututo sa ating kakayahang ito na mabuhay sa presensya ng Makapangyarihang Dios sa bawat sandali kapag tayo ay kanilang minamasdan? Nakikita ba nila ang ating pagtiwalang taglay sa ating relasyon sa ating Dios Ama? O di kaya ay nagpapakita tayo ng kawalan ng kaalaman kung saan tayo tumatayo sa

harapan ng Dios?

Tingnan ang ating talata. Sino ang nagpapanatili at nagpapatuloy ng relasyong ito? Ikaw at ang iyong katapatan? HINDI! Ang katapatan ni Cristo ang siyang nagpapatibay ng ating posisyon sa Dios Ama.

Nakikita ng mga anghel ang ating pagtatagumpay kung maayos ang ating kaugnayan sa Dios, ganoon din naman kung hindi.

Ngunit sa lahat ng mga bagay sila ay natututo ng "karunungan" ng Dios sa pagbibigay ng perpekto at matapat na Tagapagligtas, kung saan ang Dios ay idineklara Niya tayong matuwid magpakailanman!

"Ang mga hindi nakikitang mata" ay tumitingin sa atin. Ipinapahayag ba natin ang "karunungan" ng Dios sa ating paglakad sa pamamagitan ng pananampalataya at ng ating pagkaunawa kung paano tayo ginawa ng Dios kay Cristo?

Ano ang tatlong (3) bagay sa ating relasyon sa Dios na matutunan ng mga anghel?

1. _____

2. _____

3. _____

Nakikita ba tayo ng mga anghel? Oo o Hindi

Ang mga anghel ba ay hindi nakikita? Oo o Hindi

Nalalaman ba ng mga anghel ang tungkol sa sekretong programa ng Dios bago ipinaalam kay Pablo? Oo o Hindi

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Labing-Walong Aralin

Mga Talatang Sasauluhin - 1 Tesalonica 4:16 - "Sapagka't ang Panginoon mismo ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may trumpeta ng Dios: at ang namatay kay Cristo ay unang mabubuhay muli."

1 Tesalonica 4:17 - "Sa gayon, tayong nabubuhay, na natitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man."

Punuan ang mga patlang ng mga salita na matatagpuan sa hulihan ng araling ito.

Ang programa sa Israel ayon sa hula ay pansamantalang itinigil sa ngayon. Tayo ay namumuhay ngayon sa dispensasyon ng biyaya. Ang programa tungkol sa hiwaga na sa lahat ng panahon ay _____ ng Dios na lumalang ng lahat ng mga bagay (Efeso 3:9).

Gaano na katagal o umiiral ang dispensasyon na ito ng biyaya?

May _____ taon na. Oo. may 2,000 taon na simula ng pumarito sa sanlibutan si Cristo, mapako sa krus, mabuhay na muli at umakyat sa langit, at ipinahayag kay Pablo ang sekretong plano na ito.

Kailan ba matatapos ang dispensasyon ng biyaya ng Dios? Basahin ang 1 Timoteo 6:14,15. Sinulat ni Pablo kay Timoteo at sinabi sa kanya na manindigan sa katotohanan hanggang sa _____ ng ating _____ .

Sa talatang 15 ay sinasabi na ito ay sa Kanyang _____.

Sa tamang panahon, ang Dios ay tatapusin ang dispensasyon ng biyaya, ito ay kapag nahayag na ang Panginoong Jesu-Cristo.

Dahilan sa ang Dios ay tumatawag ngayon ng grupo ng mga tao, ang _____, ay masasabi natin na kapag nakumpleto na ang _____, si Cristo ay babalik para sa atin.

Ang tawag natin dito ay "rapture" o ang pagdagit sa mga mananampalataya. Ang salitang "rapture" ay matatagpuan ba sa Biblia? _____

Ang tawag dito sa Tito 2:13 ay _____. Sa ating talatang sasauluhin ay sinabi ni Pablo na tayo ay _____.

Saan natin sasalubungin si Cristo? _____

Ang mga namatay na banal ba ay mauuna o mahuhuling mabuhay ? _____

Sino ang kasama ni Cristo para ligtas na kunin tayo sa sangkalangitan?

Sino ang arkanghel na ito? _____ ayon sa Judas talatang 9

Ano ang tatlong (3) tunog na ating maririnig?

1. _____

2. _____

3. _____

Saan ang ating destinasyon? _____ 1 Tesalonica 3:13

Napakagandang pagtatapos sa dispensasyon ng biyaya! Ang katotohanang ito tungkol sa ating pananampalataya ay dapat na magbigay sa atin ng malaking _____ sa lahat ng mga banal (1 Tesalonica 4:18).

Ang mga salita na sagot sa mga patlang:

kaaliwan	2,000	pagpapakita
itinago	Michael	Panginoong Jesu-Cristo
sa mga alapaap	arkanghel	Katawan ni Cristo
tinig	sigaw	Ama
katawan	trumpeta	mapalad na pag-asa
dadagitin paitatas	mga panahon	hindi

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Labing-Siyam na Aralin

Mga Talatang Sasauluhin - 1 Tesalonica 5:9 - "Sapagka't hindi tayo itinalaga ng Dios sa galit, kundi upang magkamit ng kaligtasan sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo."

Saan hindi itinalaga ang Katawan ni Cristo? _____
Kapag ang Katawan ni Cristo ay umalis na sa mundo sa pamamagitan ng pangyayari na tinatawag nating "rapture", ang Dios ay muling pagaganahin ang orasan sa mga hula para sa Israel.

12

11	Ang paglikha ng Dios ng langit	1
Bagong langit, bagong lupa	at ng lupa	Ang pagkakasala ni Adan
Si Cristo ay nasa trono		2
kasama ang Israel		Abraham - Bansa
10		Mga Pangako - Israel
Si Satanas ay pinakawalan		3
at itinapon sa dagat-dagatang apoy	Moises - Kautusan	

9		4
Ang Israel ay pinagpala		David - Kaharian
Nagsimula ang kaharian	ANG	5
8	MUNDO	Si Cristo ay ipinanganak,
Si Cristo ay magbabalik,		tinanggihan, ipinako,
tatalunin ang Anti-Cristo,		nabuhay na mag-uli
luluklok sa trono		
7		6
Poot, lalabas ang Anti-Cristo,	Inialok sa Israel	
magdaranas ng dakilang	ang kaharian, tinanggihan	
kapighatian ang Israel	at pansamantalang isinantabi	

Ang orasan ay huminto sa pagitan ng ika-6 at ika-7. Pwede mo bang punuan ang box kung ano ang nagpahinto para sa programa para sa Israel?

Sa pagtatapos ng ating dispensasyon, ang Israel ay daraan sa dakilang kapighatian.

Basahin ang Mateo kabanatang 24.

Basahin din ang Isaias 63:4. Ang panahong ito ay tinatawag na kaarawan ng _____. Ang Israel at ang mga bansa ay magdaranas ng paghatol ng Dios - ang mundong hindi tumanggap kay Cristo.

Makikita ng Dios kung sino ang mananatiling tapat sa Kanya. Ang _____ hanggang wakas ang siyang maliligtas (Mateo 24:13). Ang buong pwersa ni Satanas ay susubukang alisin at talunin ang Israel. Ang Anti-Cristo ay mahahayag at magpapakilala bilang Dios, at pipilitin ang lahat na sambahin sya. Malaking pag-uusig sa Israel ang magaganap at habang ang pag-aaway ay nasa kalagitnaan, si Cristo ay biglang darating. Basahin ang Mateo 24:30 at Pahayag 19:11-21.

Muling titipunin ng Panginoon ang bansang Israel at tutuparin ang mga pangako sa kanya. Basahin ang Jeremias 31:10; Deuteronomio 30:3-5.

Maraming mga talata ang nagdedetalye sa programa ng Dios para sa Israel. Ang mga pangyayaring ito ay bahagi ng mga _____ ng Dios.

Ang Biblia ay aklat ng Dios. Ang lahat ng ito ay para sa atin, ngunit hindi lahat ay tungkol o nararapat sa atin.

Alalahanin ang Genesis 1:1 - "Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang _____ at ang

_____." Siya ay may plano para muling ibalik ang pamahala sa mga ito. Malaking bagay ang malaman natin kung saang plano tayo may bahagi dito.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Minero - Pang-Dalawampung Aralin

Mga Talatang Sasauluhin - Efeso 2:7 - "Upang sa mga panahong darating ay Kaniyang maihayag ang dakilang kayamanan ng Kaniyang biyaya sa kaniyang kagandahang-loob sa atin dahil kay Cristo Jesus."

Nanalo ka na ba at nabigyan ng tropeo? Ano ang tropeo? _____

Oo, ito ay simbolo, isang paalala sa iyong mga magandang nagawa.

Ano ang ginagawa mo sa tropeo? _____

Inilalagay natin ito sa isang lalagyan. Gustong nating makita ito ng iba, di ba?

Ang ating talata ay nagsasabi na tayo, na mga miyembro ng Katawan ni Cristo, ang tropeo ng Dios. Tayo ay magpahabang-panahon na patotoo sa lahat ng nilalang sa mga bagay na ginawa ng Dios. Ano ang ginawa ng Dios? Sa ating talata ay nakalagay: "Upang sa mga panahong darating ay Kaniyang _____ ang dakilang kayamanan ng Kaniyang _____ sa Kaniyang _____ sa atin dahil kay Cristo Jesus." Tayo ang halimbawa sa pinaka-dakilang gawa ng biyaya ng Dios.

Ang dakilang kayamanan ng Kaniyang biyaya ay ipinakita sa kagandahang-loob sa atin kay Cristo Jesus.

Walang ibang pangyayari ang pwedeng makasukat ng dakilang kayamanan ng biyaya ng Dios sa Kanyang kagandahang-loob sa atin.

Sa Tito 3:4-6 ay sinasabi sa atin kung ano ang kagandahang-loob na ito. "Nguni't nang mahayag na ang _____ ng Dios na ating _____, at ang Kaniyang pag-ibig sa tao, Na hindi dahil sa mga gawa sa katuwiran na ginawa nating sarili, kundi ayon sa Kaniyang _____ ay Kaniyang _____ tayo, sa pamamagitan ng paghuhugas sa muling kapanganakan at ng pagbabago sa Espiritu Santo, Na Kaniyang ibinuhos ng sagana sa atin, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating _____."

Wala ng ibang gawa ang Dios na kumpletong makapagpapakita ng kayamanan ng

Kaniyang biyaya na Kanyang ipinadama sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang Anak sa mga wasak, papuntang-impyerno, at mga makasalanang nararapat parusahan sa impyerno.

Sa pagbibigay ng napakadakilang kaligtasang ito, ang biyaya ng Dios ay lubos na nakita sa kanyang kariktan at kaluwalhatian.

Kapag sumampalataya tayo kay Cristo bilang Tagapagligtas, ang Dios ay inililigtas tayo sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

Basahin ang Efeso 2:8,9 - "Sapagka't sa _____ kayo'y naligtas..." Ang resulta ay tayo ay naging Kanyang mga _____. Ayon sa talatang 10, tayo ay gawa ng Dios. Ginawang perpekto, ginawang matuwid, inaring-ganap, pinatawad, mga banal ng Dios.

Hanggang kailan kaya magagalak ang Dios na ipakita Niya tayo bilang tropeo, ipahayag ang napakadakilang kayamanan ng Kanyang biyaya. _____

Ang ating talata ay nagsasabi na "hanggang sa mga panahong darating". Alam mo ba na ang mga panahong darating ay wala ng katapusan? Mga Awit 41:13 - "Purihin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, mula sa _____ at hanggang sa _____. Siya nawa, at Siya nawa."

1 Timoteo 1:17 - "Ngayon sa Haring _____, walang kamatayan, di nakikita, sa iisang Dios, ay ang kapurihan at kaluwalhatian _____. Siya nawa."

Sa palagay mo ay ano ang hitsura ng tropeo ng Dios? Kung ikaw ay ligtas na, ikaw ang kamukha nito! Iguhit mo ang iyong sarili o kaya ay magdikit ng larawan. Lagyan mo ng "Ang Tropeo ng Biyaya ng Dios" sa ilalim ng larawan.

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

Pang-Labing-Anim na Aralin

1 Pedro, 2 Pedro, 1 Juan, 2 Juan, 3 Juan, Judas, Pahayag

Pang-Labing-Pitong Aralin

Efeso 3:10 - "Sa layuning ngayon sa pamamagitan ng iglesia, ay maipakikilala sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sa sangkalangitan ang malawak na

karunungan ng Dios."

Pang-Labing-Walong Aralin

1 Tesalonica 4:16 - "Sapagka't ang Panginoon mismo ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may trumpeta ng Dios: at ang namatay kay Cristo ay unang mabubuhay muli."

1 Tesalonica 4:17 - "Sa gayon, tayong nabubuhay, na natitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man."

Pang-Labing-Siyam na Aralin

1 Tesalonica 5:9 - "Sapagka't hindi tayo itinalaga ng Dios sa galit, kundi upang magkamit ng kaligtasan sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo."

Pang-Dalawampung Aralin

Efeso 2:7 - "Upang sa mga panahong darating ay Kaniyang maihayag ang dakilang kayamanan ng Kaniyang biyaya sa kaniyang kagandahang-loob sa atin dahil kay Cristo Jesus."

Ilagay ang pangalan at petsa _____

Inside Cover Page

Binabati ko kayo, mga minero, muli na naman kayong nakapaghukay ng kaalaman sa mga araling ito. Nalaman ninyo ang tungkol sa plano ng Dios at ang Kanyang layunin para sa langit at para sa lupa. Ikaw ay bahagi ng malaking bagay o pangyayari! Ikaw ay bahagi nang ginagawa ng Dios ngayon at ng Kanyang mga gagawin pa sa darating na panahon!

Magpatuloy kayo sa paghuhukay, marami pa tayong malalaman.

Magkita tayo sa susunod na aklat, ang "Diamonds".

Pastor Buck

Back Cover Page

Ang Awitin ng Mga Minero

Sa minahan kami ay pupunta
Sa minahan kami ay pupunta
Maghuhukay sa Salita ng Dios
Ang Kanyang mga kayamanan
ay aming malalaman.

Ang ating mga kayamanan ay na kay Cristo

Ang ating mga kayamanan ay na kay Cristo
Nabuhos ang Kanyang dugo
para sa lahat nating mga kasalanan
Nasa Kanya nakatago ang ating mga kayamanan.

Siya ay naging mahirap
Siya ay naging mahirap
At tayo sa pamamagitan ng Kanyang kahirapan
Ay magiging mayaman magpakailanman.

Kumpleto tayong nakatayo sa Kanya
Kumpleto tayong nakatayo sa Kanya
Matuwid na tayo sa Kanyang trono
At patungo na tayo sa kalangitan.